

LUMABAN!

Pagnanakaw sa Medikal na Katauhan at Panloloko sa Medicare

OIG

Ano Ang Pagnanakaw sa Medikal na Katauhan?

Nagaganap ang pagnanakaw sa medikal na katauhan kapag mayroong nagnakaw ng iyong personal na impormasyon (katulad ng iyong pangalan, numero ng Social Security, o numero ng Medicare) upang makakuha ng medikal na pag-aalaga, bumili ng mga gamot o magsumite ng mga huwad na pagsingil sa Medicare gamit ang iyong pangalan. Ang pagnanakaw ng medikal na katauhan ay makakaabala sa iyong buhay, makakasira sa iyong rating sa kredito at magsasayang ng mga dolyar ng mga nagbabayad ng buwis. Ang kasiraan ay maaaring maka-peligro sa buhay mo kung ang maling impormasyon ay mailagay sa iyong personal na talaang medikal.

Mga Tip Upang Maiwasan ang Pagnanakaw ng Medikal na ID Iwasan, Alamin, Depensahan

IWASAN

Protektahan ang Iyong Personal na Impormasyon

- **Maingat na bantayan ang iyong Medicare at Social Security na mga Numero.** *Tratuhin ito katulad ng pagtrato mo sa iyong mga credit card.*
- **Pagsuspetsahan** ang sinuman na magbibigay sa iyo ng libreng medikal na kagamitan o mga serbisyo at matapos ay hihilingin ang numero ng iyong Medicare. *Kung libre yun, hindi nila kailangan ang iyong numero!*
- **Huwag pahintulutan ang sinuman na hiramín o bayaran** ka upang magamit ang iyong Medicare ID card o ang iyong katauhan. *Ilegal ito at hindi sulit!*
- Kung mawala o manakaw ang iyong Medicare card, iulat agad ito. Tumawag sa Social Security sa 1-800-772-1213 (TTY 1-800-325-0778) para sa kapalit.

ALAMIN

Maging Alerto sa Mga Karaniwang Pakana sa Panlolokong Ito

- **Lumakad lang palayo kung may lumapit** sa iyo sa mga paradahan, mga pamilihan, o ibang pampublikong lugar at maghahandog sa iyo ng libreng mga serbisyo, mga grocery, transportasyon o ibang bagay kapalit sa numero ng iyong Medicare.
- **Ibaba na lang ang telepono** kapag may tumatawag saiyo na nagpapanggap na nagsasagawa ng pagsusuri sa kalusugan at hinihingi ang iyong numero ng Medicare.
- **Huwag magbigay ng impormasyon** sa mga nagmemerkado sa telepono na nagpapanggap na mula sa Medicare o Social Security at humihingi ng bayad sa telepono o Internet.

DEPENSAHAN

Suriin ang Iyong Mga Medikal na Bayarin, Mga Buod ng Abiso ng Medicare, Paliwanag ng Mga Benepisyo, at Mga Ulat sa Kredito

- Nasingil ka ba para sa anumang serbisyong medikal o mga kagamitan na hindi mo kinuha?
- Hindi ba pamilyar sa iyo ang mga petsa ng serbisyo at mga singil?
- Nasingil ka ba sa parehong bagay nang dalawang beses?
- May makikita ba sa iyong ulat sa kredito nang anumang hindi bayad na bayarin para sa mga serbisyong medikal o kagamitan na hindi mo tinanggap?
- Nakatanggap ka ba ng mga abiso sa koleksiyon para sa mga serbisyong medikal o kagamitan na hindi mo tinanggap?

Makakuha ng tulong sa pagbasa ng iyong Buod ng Abiso ng Medicare sa www.medicare.gov/basics/SummaryNotice.asp

Makakuha ng libreng ulat sa kredito bawat taon sa pagtawag sa 1-877-322-8228

Iulat ang Panloloko sa Medicare Fraud at Pagnanakaw sa Medikal na Katauhan

- Kung may makita kang hindi karaniwan o nakakapagtakang mga singil, makipag-ugnay sa iyong tagapagbigay-alaga sa kalusugan. Maaaring mali lang ito.
- Kung ang iyong reklamo ay hindi naresolba ng iyong tagapagbigay, iulat ang nakakapagtakang singil sa Medicare.
- Kung sa suspetsa mo ay panlolokong Medicare ito, makipag-ugnay sa Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao, Tanggapan ng Inspektor Heneral (Department of Health & Human Services, Office of Inspector General).
- Kung sa iyong palagay ay may gumagamit ng iyong personal na impormasyon, makipag-ugnay sa Federal Trade Commission.

KANINO MAKIKIPAG-UGNAY

Hotline ng Department of Health & Human Services

Office of Inspector General

Iulat ang pinagsususpetsahang panloloko sa Medicare:

Telepono: 1-800-447-8477 (1-800-HHS-TIPS) TTY: 1-800-377-4950	FAX: 1-800-223-8164
E-mail: HHSTips@oig.hhs.gov	Online: OIG.HHS.gov/fraud/hotline

Call Center ng Medicare at Mga SMP

Iulat ang nakakapagtakang singil sa Medicare:

Telepono: 1-800-633-4227 (1-800-MEDICARE) TTY: 1-877-486-2048	Online: medicare.gov
--	--

Maaari ka ring makipag-ugnay sa iyong lokal na mga SMP (dating mga Senior Medicare Patrol). Sila ay lokal na nagtatrabaho upang bigyan ang mga senior ng kakayahang labanan ang panloloko sa pangangalagang kalusugan at maresolba ang mga mali.

Telepono: 1-877-808-2468	E-mail: info@smpresource.org
--------------------------	--

Hotline ng Pagnanakaw sa Katauhan ng Federal Trade Commission

Iulat ang maling paggamit ng iyong personal na impormasyon:

Telepono: 1-877-438-4338 (1-877-ID-THEFT) TTY: 1-866-653-4261	Online: FTC.gov/idtheft
--	--

Upang matuto nang higit pa tungkol sa pagnanakaw ng medikal na katauhan, bumisita sa:
www.WorldPrivacyForum.org/medicalidentitytheft.html